



ang magkatrabaho o makabili ng kahit ano, atbp. Basahin – Manila Bulletin Advertisements & Classified Ads

# MGA NILALAMAN

**I-like kami sa aming facebook page: www.facebook.com/liwayway.magazine**


## NOBELA

6 **"Ikaw Na Muna, Mommy" (4)**
*Efren Abueg*

9 **Saka Na Lang Kita Mamahalin(12)**
*Neri Jedeliz*

12 **Higit Na Matibay (27)**
*Armando T. Javier*

## KUWENTO

4 **Gayuma (1)**
*Armando T. Javier*

14 **Ang Apoy At Ang Liyab**
*George Deoso*

## LATHALAIN

16 **Ang Mga Patnugot Ng Liwayway Sa Isang Siglo**
*Efren R. Abueg, PhD*

18 **Tiwala Ka Ba Sa Iyong Asawa?**
*Fernando B. Sanchez*

19 **Wanted: Dalagang Pilipina**
*Lilia Borlongan-Alvarez*

## KOMIKS

28 **Sa Mundong Iyon... (39)**
*Perry C. Mangilaya / Donato Santos*

31 **Ako At Ako Lamang (60)**
*Elena M. Patron-Delos Angeles / Rico Rival*

34 **Ang Biktima**
*Amado Bravo / Florence Maglalang*

38 **Doro Dora**
*William Contreras*

## TULA

40 **Ang Lungsod Sa Tag-ulan**
*Eugene Y. Evasco*

## KOLUM

20 **Epektibong Pagtuturo**
*Pat V. Villafuerte*

22 **Buklat/Mulat**
*Dr. Eugene Y. Evasco*

24 **Haraya**
*Dr. Michael M. Coroza*

36 **Magluto Tayo**
*Mareng Lena*

36 **Balik-Tanaw Sa Kasaysayan**
*Boy A. Silverio*

## SHOWBIZ

26 **Jane Oineza Walang Time Sa Love Life, Sa Career Ang Focus**
*Maricris V. Nicasio*

27 **Anton Diva, Magpapakitang Gilas Sa Shine Xxii Ad**
*Nonie V. Nicasio*

## LIBANGAN

37 **Pag-Usapan Natin!**
*Kuya Sam*

37 **Astrolohiya**
*Madame Sharona*

38 **Palaisipan**
*Jose Marie Gallego*


38 **Math Puzzle**
*Rosemarie Adaya*

38 **Magtawanan Tayo!**
*Eric S.B. Libre*







# GAYUMA

Ni ARMANDO T. JAVIER

**(UNANG BAHAGI)**

BUO na sa isip ni Kat ang imahe ng lalaking gusto niyang maging susunod na *boyfriend:* matangkad, makinis ang kutis, *slim,* walang tiyan at kumpleto ang ngipin.

Kaya nang makita niya ang bagong *recruit* na *player* sa koponan ng barangay nila, na nagpapraktis sa *basketball court*, agad niyang ipinagtanong kung sino ito.

"Si Dennis 'yan," sabi sa kanya ni Trixie, na SK kagawad at kaibigan niya. "Bagong lipat daw sa *apartment* d'yan sa labas."

Kapwa sila residente sa loob ng subdibisyon, na kinaroroonan din ng barangay *hall* at *basketball court*.

"Papabol," sabi ni Kat, nagniningning ang mata. "Me dyowa na kaya?"

"*Sis*, 'yang tulad n'yang borta, nagbibilang ng dyowa."

"Ipakilala mo naman ako."

"Di rin ako kilala n'yan."

'Ba't alam mo'ng pangalan?"

"Narinig ko lang sa *mother* n'ya no'ng sumama 'kong mangampanya kina Konsehal."


Katatapos lang ng eleksiyon sa halalang lokal, at si Trixie, palibhasa'y SK kagawad, tumatanaw ng utang na loob sa mga taong nakatulong din sa kanyang kampanya noong nakaraang taon. Nanonood pa rin ng praktis si Kat nang dumating sa *basketball court* ang kanyang yaya.

"Ipinasusundo ka na ni *mommy* mo, Kat."

"Mauna ka na. Sabihin mo, susunod na 'ko."

"Kabilin-bilinan ng *mommy* mo na isama kitang pauwi..."

Pumadyak siya, pero sumunod din naman sa kanyang yaya matapos makapagpaalam kay Trixie. Naglingon-likod pa siya bago tuluyang makalayo sa *basketball court*, tamang-tama lamang upang makita niya si Dennis na kumaway sa isang bagong dating na babaeng naka-*cycling shorts* at *sports sando* na umibis sa *mountain bike,* kumaway at tila hinihintay na matapos



**"Si Dennis 'yan," sabi sa kanya ni Trixie, na SK kagawad at kaibigan niya. "Bagong lipat sa apartment d'yan sa labas."**

ang praktis ng basketbolista.

HINDI naman mayamang-mayaman sina Kat, pero hindi rin naman sila mahirap na mahirap. Suwerte lamang na may mga lupaing namana ang kanyang ama't ina mula sa kani-kanilang pamilya. Nang magkaroon ng *economic boom* sa Cavite noong dekada '90, milyon ang pinagpartehan ng magkakapatid ng ama ni Kat. Ipinagpatayo nito ng paupahang *commercial stall* sa lupang namana naman ng nanay ni Kat sa kahabaan ng *highway*. Ang isang pitak ay tindahan ng nanay ni Kat ng mga RTW na inaangkat nito sa Bangkok; pinaupahan ang tatlong iba pa. Sa bahay nila, na nasa subdibisyon din, may *mini-grocery* sila at *water refilling station* na si Kat naman ang namamahala.

Kaya nang huminto siya, pagkatapos ng dalawang taon, sa kursong Accountancy (mahina talaga siya sa *numbers*), sa kanya ipinamahala ng kanyang ina ang kabubukas pa lamang (noon) na *water refilling station*. Nasa isip niya, hindi man siya titulado, hindi rin naman lugi sa kanya ang kanyang mapapangasawa (kung sakali); may kabuhayan ang kanyang pamilya, dalawa lamang silang magkapatid at ang Ate Siony niya, na isang *nurse* ay nasa Quebec at nakapag-asawa ng Canadian.

Hindi naging masaya ang naunang dalawang relasyon niya. Isa, noong *fourth year high school* siya, at pangalawa noong nasa kolehiyo na siya. At inugat niya iyon sa pagiging *possesive* niya. Oo nga't binebeybi niya ang mga *boyfriend* niya, minsan ay nasosobrahan din siya. Hindi niya namamalayan na nasasakal na pala ang mga karelasyon niya. Ibig nang kumalas, maghanap ng iba. Ano naman ang magagawa niya? Ganoon talaga siya, daig pa ang beki kung magmahal ng lalaki.

**Para-paraan din ang pagpapakita ni Kat ng pagkagusto kay Dennis...**

Sa *water station*, tila lumilipad pa rin ang kanyang isip: tila naiwan sa *basketball court*, sa panonood sa laro ni Dennis, sa pagsunod ng tingin sa bawat galaw nito, sa matatag na katawan at mamasel na braso, tiyang may *abs*, makinis na kutis, katawang tila mabango pati pawis. Buong araw na hindi nawawala ang ngiti sa mga labi ni Kat.

Kailangang magkakilala sila ni Dennis, sinasabi-sabi niya sa sarili. Ako ang kanyang magiging *next girlfriend!* Saka pa lamang siya napaismid nang maalala ang nakita niyang babaeng umibis sa *mountain bike*, na pang-*bikini open* ang katawan, na kumaway rin at tila naghintay na makatapos nang praktis ang *crush* niyang *hunk*.

KAYA nang mag-umpisa na ang ligang pang-*inter-barangay*, karay-karay niya si Trixie para manood sila ng laban sa *city sports complex*. Kasama sa *first five* si Dennis, na Glorioso pala ang apelyido; nabasa niya sa *jersey* nito. Siniko siya ni Trixie at hindi na niya itinago ang nararamdamang kilig sa natitipuhang manlalaro.

Lumamang ng anim na puntos ang koponan ni Dennis laban sa kalabang koponan sa *fourth quarter*. At dahil disiotso puntos ang naiambag nito sa *score*, bidang-bida ang basketbolista. Nilapitan ng ilang taga-suportang babae at nakipag-*selfie* rito. Pagkakataon na, naisip ni Kat. Nakisingit siya sa mga tagahangang nakapaikot kay Dennis, nabalya at bumundol sa manlalaro, muntik pang matumba. Mabuti't maagap si Dennis, nahawakan ang kanyang likod at agad siyang naitayo.

"Okey ka lang, *miss?*" Nakatunghay ito sa kanyang mukha, nag-aalala. Sa malapitan pala'y mas maamo ang mukha nito.

"O-Okey lang..." Tila biglang naumid ang dila ni Kat ngayong kausap niya ang hinahangaang manlalaro. "P'wedeng pa-*selfie?*"

"*Sure.*"

Nag-*pose* ito nang nakangiti nang iangat niya ang kanyang *cellphone*. Nakamata sa kanila ang mga babaeng nauna sa kanya, halatang naiinggit. Lihim na nagdiwang si Kat.

At magmula noon, maya't maya ay tinitingnan niya sa kanyang *cellphone* ang litrato nila ni Dennis. Magiging *boyfriend* kita, ulit-ulit na sinasabi ni Kat sa kanyang sarili habang hinahagkan ang *screen* ng kanyang *cellphone*. Aking-akin ka!

Para-paraan din ang pagpapakita niya ng pagkagusto kay Dennis. Hindi man siya tahasang makapagsabi na *type* niya ito, dinaan naman niya sa pagpapapansin. Kung may praktis sa *basketball court*, pumupunta siya roon; may dalang *energy drink* o anumang madampot niyang pagkain sa kanilang *mini-grocery*. Iaabot niya sa manlalaro kung *break* nito. Namukhaan siya ni Dennis.

"*Hi!* Di ba ikaw 'yung...?"

"Mismo! Taga-rito ako..." At itinuro niya ang dalawang palapag nilang bahay na natatanaw ang bubong mula sa barangay *court*.

"*Thanks*. Nag-abala ka pa."

"Okey lang. Di ko naman binili 'yan."

"Hindi." Nakakunot-noo si Dennis habang kinakagatan ang dala niyang mamon.

"*I mean*, me *grocery* kami--*mini-grocery*-- sa bahay."

"A..."

"Ako nga pala si Kat." Inilahad niya ang kanyang kamay habang hindi inaalis ang pagkakatingin sa maamo, makinis na mukha ng hinahangaang manlalaro.

"Dennis." Nakipagkamay ito sa kanya.

"--Glorioso," dugtong ni Kat. "Nabasa ko sa *jersey* mo."

"*Updated* ka, ha?"

"*Fan* na *fan* mo kasi 'ko." At sa biglang bugso nang lakas ng loob, nagulat siya sa sumunod niyang sinabi. "*Invite* naman kita sa 'min 'pag wala kang praktis. *Coffee* tayo *or anything...*"

"S-Sige."

Kinuha niya ang *number* ni Dennis; idinikta naman niya rito ang *number* niya. Umuwi si Kat nang masaya, nang parang hindi sumasayad sa lupa ang kanyang mga paa.

Pinaunlakan ni Dennis ang imbitasyon niya. Nagkita sila sa *basketball court*, at para yata ma-*impress* niya ang kursunadang manlalaro, sinundo niya ito gamit ang hinuhulugan pang *compact car*.

Ipinakita ni Kat kay Dennis ang magkatabing puwesto ng kanilang *mini-grocery* at *water refilling station* na nasa *ground floor* ng kanilang bahay. Pumanhik sila sa itaas at sa *living room* doon, inistima niya ang kanyang bisita. Pinagsilbihan sila ng katulong, dinulutan ng *brewed coffee, cookies* at *pudding*.

"Kung me *type* ka pang kainin, sabihin mo lang," sabi ni Kat. "Magpapabili ako."

"Okey na 'to." Palinga-linga si Dennis sa kabuuan ng bahay: sa mamahaling mga *appliances* at muwebles.

"Mag-isa ka lang ba dito?"

"Ay, hindi. Me sariling *business* si Mommy, nasa puwesto niya sa *highway*. 'Yung ate ko naman, naka-*base* na sa Canada. Kaya, parang solo ko na rin 'tong bahay 'pag araw..."

"A-Ang *father* mo?"

"Namatay na. Biglang-bigla nga! *Teenager* pa 'ko no'n."

Napangiti si Dennis. Nakadalawang salin ito ng kape sa *mug* at nabawasan ang kaharap nilang *cookies* at *pudding*.

"*Next time* uli, ha?" sabi ni Kat nang magpaalam si Dennis. May nag-*text* kasi rito.

(Sundan sa pahina 25)

# "Ikaw na muna, Mommy"

Ni EFREN ABUEG




(IKA-4 NA LABAS)

NGUNIT may tanong na sumingit sa isip ni Tania. Bakit magdududa siya ang kaniyang Mommy Pinky? May inaakala ba siyang basehan niyon? At may karapatan ba siya bilang anak na magduda sa kaniyang ina?

May kumitib agad sa kaniyang noo na humantong sa pagbigat ng kaniyang pakiramdam. Waring pinarusahan agad siya sa paghihinala niya sa kaniyang ina!

Kinitil agad ni Tania ang nakalalasong saloobing iyon. Luminaw sa guniguni niya ang kaniyang Mommy Pinky sa kanilang *grocery*, kasamang nag-aayos ng mga papeles ng isang maedad nang *accountant* at nang di na kabataang *assistant* nitong babae. Tinitiyak ng mga ito na walang kamalian sa pagtatala ng mga transaksiyon sa libro ng kanilang *grocery* at sumusunod iyon sa mga tuntunin ng mga batas sa pagbubuwis sa pamahalaan.

Sinulyapan ni Tania ang munting orasan sa ibabaw ng mesitang kalapit ng kaniyang kama. Mag-aala una na ng umaga. Lalo niyang itinaboy ang iba pang kaugnay na mga isipin ng paghihinala sa kaniyang ina.

May narinig siyang ugong ng sasakyang papalapit sa kanilang *gate*. Mabilis ang mga hakbang na lumampas siya sa silid ni Mayumi. Gumaan ang pakiramdam niya sa gagawin niyang pagbubukas ng *gate* para sa kaniyang ina.

*Nakatulog na ba si Mayumi?*

Maririnig niya ang pag-uusisa nito kung mamalisyahan ang pagmamadali niyang lumabas ng garahe nang hindi na magtagal sa may kalye ang kaniyang Mommy Pinky. Kaya sinabihan niya si Mayumi na siya na ang magbubukas ng kanilang *gate* para sa kaniyang ina.

Ngunit ang mismong Mommy Pinky niya ang natanaw niyang pumasok sa iniawang nitong *gate* at saka tuluyang


# Ang Apoy at Ang Liyab

Ni GEORGE DEOSO

UNA kaming nagkita sa *driveway* sa tapat ng TechnoTel, na muntik na niya akong mabangga.

Kababababa ko lang noong umagang iyon mula sa dyip nang biglang may bumusina mula sa likod ko. Halos napatalon ako sa gulat, at pagkalingon ko'y naroon ang pulang kotse, isang talampakan lang ang layo sa akin. Sa likod ng manibela'y isang babae. Nakalabas ang isang kamay niya sa bintana ng sasakyan, may sigarilyong nag-aaso sa pagitan ng mga daliri.

"May problema ba, Miss?" sigaw ko. Hindi ako umalis sa kinatatayuan, sinadya na siyang harangan. Sa paligid dama kong nakatingin sa amin ang mga tao. Siguro'y dahil sa busin o sa aking sigaw. Wala akong pakialam. Maayos naman akon naglalakad kanina. Kung di siya bumusina malamang ay nakatawid na ako.




Inilabas niya ang ulo sa bintana at sumigaw pabalik, "I kung umalis ka diyan, Sir, we *won't have a problem.*"

Sisigaw pa sana ako, ngun bumusina muli siya at dahil sa gulat, napatabi na lang ako at pinanood siyang dumaan sa *driveway*, lumiko sa isang gilid gusali, papunta sa *undergroun* nitong *parking area.*

Hindi ko naman siya nakil sa ikalawa naming pagkikita. Hindi agad.

May mga *new hires* noon, isang bagong *wave* na sasabak sa Soft Skills *training* at ako an naatasang *trainer* nila. Nang matapos kong ihanda ang kompyuter at PowerPoint isa-isang nagsipasukan sa *trainin room* ang mga bagong empley ng TechnoTel para sa isa nitor *account*. Karamiha'y mga bata pa, mukhang kakatapos pa lar sa kolehiyo. Nalaman ko ang kanilang mga pangalan nang tinawag ko sila isa-isa para sa *attendance*.

"Maria Delia Olivar," pagtawag ko sa isang pangala mula sa listahan sa kompyute


*"Present,"* sambit naman n isang babae na nakaupo mala sa pintuan. May dalawang hilera ng mga kompyuter sa loob ng kuwarto, at hindi ko rin naman sila kanina nabigya ng direksiyon kung saan uup Nalalayo siya sa karamihan. Binubuo ng labing-apat na ta ang *wave*, at karamiha'y naka malapit sa harap.

*"How do you want us to call you?"* tanong ko.

"Madie," sabi niya. Nakas siya ng malaking *t-shirt* at *pan* at nakabukaka siya na para b may maiipit sa pagitan ng mg hita niya kung ipagdidikit an mga iyon.

*"Alright,* Madie. *Can you m forward? Join your wavemates,*

# ANG LUNGSOD SA TAG-ULAN



Kapag nagbabanta ang ulan,
Laman ng mga bag o nakaipit sa mga braso
Ang binhi ng bulaklak na yari sa nylon.
Sa pagkulog at biglaang pag-ambon,
Unti-unting sisibol ang mga binhi,
Mamumulaklak sa mga eskinita't bangketa.

Sa pamumukadkad ng mga payong,
Nagiging bulaklakin ang abuhing paligid,
At nagkakakulay ang libaging lungsod.
Nagmimistulang harding pumaparada
At umaalon ang nagmamadaling lakad
Ng mga tao, tumutuklas ng masisilungan.

Bago man magpatuyo,
Hahanay ang mga payong
Sa mga pasilyo at tarangkahan.
Magkakaroon ng munting ilog at lawa
Sa sahig habang ang may-ari nama'y
Nagtsa-tsaa, nagkukumot,
Nangangamba sa sipon at trangkaso.

Ngayong tag-ulan,
Ang buong lungsod ay nagiging gubat
Ng mga bulaklak na nylon
At sa ilang lilim nito'y may ginawing pusong
Handang tumanggap ng makikisilong.

**- EUGENE Y. EVASCO**